

Beware the Second Temptation

By Elder Scott D. Whiting
Of the Seventy

Mag-ingat sa Pangalawang Tukso

Ni Elder Scott D. Whiting
Ng Pitumpu

April 2025 general conference

Don't hide from those who will love and support you; rather, run to them.

A couple of years ago, when I turned 12, I was invited to attend my first Aaronic Priesthood quorum overnight camp. This was a long-awaited invitation, as my father was a quorum leader and often went camping with the boys in the ward, while I was left at home.

When the day came, I was excited. And I must admit that I desperately wanted to fit in with the older boys. I was determined to prove myself. In that effort it wasn't long before I was tested to see if I would play along and be part of the group.

My assigned task was to get my father's car keys so a prank could be pulled on the leaders. I don't remember exactly what I said to convince my dad, but I soon ran to the group of boys with keys in hand, proud of my accomplishment.

Then came the next assignment. I was to unlock the car door and wedge a stick between the driver's seat-back and the car horn. And I was to lock the door so the horn would blare into the evening without any way for the leaders to access the car to remove the crude device.

Now, this is where the story turns painfully embarrassing for me. Once I secured the stick in place, I locked the door and ran as fast as I could to hide in a nearby patch of bushes. As I crouched down to the ground, I felt a searing

Huwag pagtaguan ang mga nagmamahal at sumusuporta sa inyo; bagkus, lumapit sa kanila.

Ilang taon na ang nakalipas, noong mag-12 anyos ako, inanyayahan akong dumalo sa una kong Aaronic Priesthood quorum overnight camp. Kaytagal kong hinintay ang paanyayang ito, dahil ang tatay ko ay quorum leader at mada-las mag-camping na kasama ng mga batang lalaki sa ward, habang naiiwan ako sa bahay.

Nang dumating ang araw na iyon, tuwang-tuwa ako. At inaamin ko na gustung-gusto kong mapabilang ako sa mga batang lalaki na mas nakatatanda sa akin. Determinado akong patunayan ang sarili ko. Sa pagsisikap na iyan, hindi nagtagal ay sinubukan ako kung makikisama ako at magiging bahagi ng grupo.

Ang iniatas na gawain sa akin ay kunin ang mga susi ng kotse ng tatay ko para lokohin ang mga lider. Hindi ko maalala kung ano talaga ang sinabi ko para kumbinsihin ang tatay ko, pero hindi nagtagal ay tumakbo ako sa grupo ng mga batang lalaking ito na hawak ang mga susi, at ipinagmamalaki ang tagumpay ko.

Pagkatapos ay dumating ang sumunod na atas. Bubuksan ko ang pintuan ng kotse at sasaksakan ng patpat ang pagitan ng sandalan ng drayber at bubusina ang kotse. At ikakandado ko ang pintuan para tumunog nang malakas ang busina sa gabi nang walang anumang magagawa ang mga lider para mabuksan ang kotse at tanggalin ang patpat.

Ngayon, sa bahaging ito ng kuwento ako lubhang napahiya. Nang matiyak kong nasa lugar na ang patpat, ikinandado ko ang pintuan at tumakbo ako nang napakabilis para magtago sa kalapit na palumpong. Habang nakayukyok sa

pain. In the darkness and in my haste, I had sat upon a prickly pear cactus.

My screams of pain were drowned out by the blaring horn, and I had no recourse other than gingerly hobbling back to the car, confessing my “sins,” and seeking rudimentary and embarrassing medical attention.

The remainder of that night, I lay on my stomach in a tent while my father, using pliers, removed the cactus spines from my ... well, let me just say that I did not sit comfortably for several days afterward.

I have reflected on that experience many times. I can now laugh at the folly of my youth, even as some underlying principles have become clear to me.

Many patterns in human behavior seem to be common in the natural man—the desire to fit in, the desire to prove oneself, the fear of missing out, and the compelling need to hide so we avoid consequences. It is this final behavior I will focus on today—hiding after we do something that we should not.

Now, I am not equating my childish prank with grievous sin, but we can draw some parallels that may prove useful as we are tested in our mortal sojourn.

In the Garden of Eden, Adam and Eve had an idyllic circumstance—an abundance of food, the incomparable beauty of the garden—not only a garden of beauty but a garden with neither weeds nor prickly pears.

However, we also know that garden life limited their needed progression. The garden was not a final destination but a test, the first of many that would prove, prepare, and allow them to progress to their final destination of returning to the presence of the Father and the Son.

You will remember that there was opposition in the garden. Lucifer was allowed to try Adam and Eve. He first tempted Adam to partake of the fruit of the tree of knowledge of good and evil. Remembering the commandment not to partake

lupa, nakaramdam ako ng napakatinding sakit. Sa dilim at sa pagmamadali ko, napauupo ako sa isang matinik na pear cactus.

Natabunan ng malakas na busina ang mga sigaw ko dahil sa sakit, at wala akong ibang naga-wa kundi ang maglakad nang paika-ika pabalik sa kotse, ipagtapat ang aking “mga kasalanan,” at humingi ng panguna at nakakahiyang medikal na lunas.

Sa natitirang oras ng gabing iyon, nakadapa ako sa isang tolda habang tinatanggal ng tatay ko, gamit ang pliers, ang mga tinik ng cactus sa aking ... ah, sabihin na nating hindi ako nakaupo nang komportable nang ilang araw pagkatapos niyon.

Maraming beses kong pinag-isipan ang karanasang iyon. Ngayoy maaari ko nang tawanan ang kalokohan ko noong kabataan ko dahil naging maliwanag na sa akin ang ilang pinagbabatayang alituntunin.

Maraming pattern sa pag-uugali ng tao ang tila karaniwan sa likas na tao—ang hangaring umakma, ang hangaring patunayan ang sarili, ang takot na mapag-iwanan, at ang malaking pangangailangang magtago para makaiwas tayo sa mga kahihinatnan. Sa huling pag-uugaling ito ako magtutuon ngayon—pagtatago matapos nating gawin ang isang bagay na hindi nararapat.

Ngayon, hindi ko itinuturing na mabigat na kasalanan ang kalokohang ginawa ko, ngunit may matututuhan tayong ilang pagkakatulad na maaaring makatulong kapag sinubukan tayo sa ating buhay.

Sa Halamanan ng Eden, nakaranas sina Eva at Adan ng napakasayang sitwasyon—kasaganaan sa pagkain, walang-katulad na kagandahan ng halamanan—hindi lamang magandang halamanan, kundi isang halamanang walang mga damong ligaw ni matitinik na pear cactus.

Gayunman, alam din natin na nilimitahan ng buhay sa halamanan ang kinakailangang pag-unlad nila. Ang halamanan ay hindi huling destinasyon kundi isang pagsubok, ang una sa marami, na magpapatunay, maghahanda, at magtutulot sa kanila na umunlad tungo sa kanilang huling destinasyon na pagbalik sa piling ng Ama at ng Anak.

Maaalala ninyo na may oposisyon sa halamanan. Tinulutan si Lucifer na subukan sina Eva at Adan. Tinukso niya muna si Adan na kumain ng bunga ng punungkahoy ng kaalaman ng mabuti at masama. Naaalala ang utos na huwag

thereof, Adam resisted. Then came blessed Eve, who chose to partake of the fruit, convincing Adam to do likewise.

Later, Adam and Eve declared that this decision was necessary to fulfill Heavenly Father's plan. But by partaking of the fruit, they had transgressed the law—a law given them directly from the Father. The resulting and crushing understanding of good and evil must have left them in anguish when they heard the voice of the Father announcing His return to the garden. They realized they were naked, for they were indeed without clothing, having lived in a state of innocence. But perhaps more painful than their being without clothing in that moment, they were now exposed for their transgression. They were defenseless and vulnerable. They were naked in every sense of the word.

Ever the opportunist, Lucifer, knowing their exposed and weakened state, tempted them yet again—this time to hide from God.

This temptation—I will call it the “second temptation”—is the temptation that may bring the greatest consequence if we succumb. Surely, to avoid all first temptations to break God's law is optimal, but we know that all will succumb to a variety of first temptations here on earth. As we progress in our maturity and understanding, we hope that our strength to avoid first temptations will continually improve as we strive to become more like our Savior, Jesus Christ.

Some might attempt to hide from God because they don't want to be discovered or exposed, and they feel shame or guilt. However, numerous scriptures teach us that hiding from God is impossible. I'll share just a few.

The Lord teaches Jeremiah through the following questions: “Can any hide himself in secret places that I shall not see him? saith the Lord. Do not I fill heaven and earth?”

And Job is taught:

“For his eyes are upon the ways of man, and he seeth all his goings.

“There is no darkness, nor shadow of death,

kainin iyon, tumanggi si Adan. Pagkatapos ay dumating ang pinagpalang si Eva, na piniling kainin ang bunga, at kumbinsihin si Adan na gawin din iyon.

Kalaunan, ipinahayag nina Eva at Adan na ang desisyong ito ay kailangan para matupad ang plano ng Ama sa Langit. Ngunit sa pagkain ng bunga, nasuway nila ang kautusan—isang kautusang tuwirang ibinigay sa kanila ng Ama. Ang resulta at nakapanlulumong pagkaunawa sa mabuti at masama ay malamang na nagdulot sa kanila ng pighati nang marinig nila ang tinig ng Ama na nagpapahayag ng Kanyang pagbalik sa halamanan. Natanto nila na sila ay hubad, sapagkat talagang wala silang damit, dahil nabuhay sila na walang kamalayan. Pero marahil ang mas masakit kaysa sa kanilang kahubaran sa sandaling iyon ay nalantad sila dahil sa kanilang paglabag. Wala silang proteksyon at mahina sila. Hubad na hubad sila.

Laging naghahangad na manamantala, si Lucifer, batid na sila ay lantad at mahina, ay tinukso silang muli—sa pagkakataong ito na pagtaguan ang Diyos.

Ang taksong ito—tatawagin ko itong ang “pangalawang tukso”—ay ang taksong maaaring maghatid ng pinakamalalang bunga kung patatangay tayo. Tiyak na mahalagang iwasan ang lahat ng unang taksong suwayin ang utos ng Diyos, pero alam natin na magpapatangay ang lahat sa iba't ibang unang tukso dito sa lupa. Habang tumatanda tayo at lumalago sa pang-unawa, sana'y patuloy na maragdagan ang lakas nating umiwas sa mga unang tukso habang nagsisikap tayong maging higit na katulad ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo.

Maaaring tangkain ng ilan na pagtaguan ang Diyos dahil ayaw nilang matuklasan o malantad sila, at nahihiya o nakokonsiyensya sila. Gayunman, itinuturo sa atin ng maraming talata sa banal na kasulatan na imposibleng pagtaguan ang Diyos. Ibabahagi ko ang ilan sa mga ito.

Tinuruan ng Panginoon si Jeremias sa pamamagitan ng sumusunod na mga tanong: “Maka-pagtatago ba ang isang tao sa mga lihim na dako upang hindi ko siya makita? sabi ng Panginoon. Hindi ba pinupuno ko ang langit at ang lupa?”

At itinuro kay Job:

“Sapagkat ang kanyang mga mata ay nasa lakad ng tao, at nakikita niya ang lahat ng mga hakbang nito.

“Walang dilim ni malalim na kadiliman, na

where the workers of iniquity may hide themselves.”

The psalmist David most poetically exclaims:

“O Lord, thou hast searched me, and known me.

“Thou knowest my downsitting and mine uprising, thou understandest my thought afar off. ...

“For there is not a word in my tongue, but, lo, O Lord, thou knowest it altogether. ...

“Whither shall I go from thy spirit? or whither shall I flee from thy presence?

“If I ascend up into heaven, thou art there: if I make my bed in hell, behold, thou art there.”

New Converts

For those who have recently joined The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, the second temptation may seem particularly challenging. Through your baptism you have covenanted to take upon yourself the name of Jesus Christ, which for many includes a needed change of lifestyle. Changing one's lifestyle is not easy. Often it requires you to change habits and practices and even associations to progress toward your loving Heavenly Father.

The adversary knows that you may be vulnerable to his subtle attacks. He will make your past life, which left you unsatisfied in so many ways, now seem unrealistically attractive. The accuser, as he is called in the book of Revelation, will tempt you with thoughts that sound like this: “You aren't strong enough to change your life; you can't do this; you don't belong with these people; they will never accept you; you are too weak.”

If these thoughts seem to ring true to you who are newly planted on the covenant path, we plead with you not to heed the accuser's voice. We love you; you can do it; we accept you; and with the Savior, you will have strength to do all. At a time when you need our love and support the most, don't be deceived into thinking that we will reject you if you take a step back into your prior lifestyle. Through the matchless power of the Atonement of Jesus Christ, you can be

mapagtataguan ng mga gumagawa ng kasamaan.”

Patulang ibinulalas ng mang-aawit na si David:

“O Panginoon, siniyasat mo ako at nakilala mo ako.

“Iyong nalalaman kapag ako'y umuupo at kapag ako'y tumatayo; nababatid mo ang aking pag-iisip mula sa malayo. ...

“Bago pa man magkaroon ng salita sa dila ko, O Panginoon, lahat ng iyon ay alam mo. ...

“Saan ako pupunta mula sa iyong Espiritu? O saan ako tatakas mula sa harapan mo?

“Kung ako'y umakyat sa langit, ikaw ay naroon! Kung gawin ko ang aking higaan sa Sheol, ikaw ay naroon.”

Mga Bagong Binyag

Para sa mga bagong miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, maaaring mahirap lalo na ang pangalawang tukso. Sa pamamagitan ng inyong binyag nakipagtipan kayong tataglayin sa inyong sarili ang pangalan ni Jesucristo, na para sa marami ay nangangailangan ng pagbabago sa pamumuhay. Hindi madaling baguhin ang pamumuhay ng isang tao. Kadalasa'y kailangan ninyong baguhin ang mga gawi at ugali at maging ang mga pinakikisamahan ninyo para umunlad tungo sa inyong mapagmahal na Ama sa Langit.

Alam ng kalaban na maaaring madali kayong tablan ng kanyang mga tusong pag-atake. Pagmumukhain niyang lubhang kaakit-akit ang inyong nakaraang buhay ngayon, na hindi naman nakasiya sa inyo sa napakaraming paraan noon. Ang tagapag-paratang, ayon sa tawag sa kanya sa aklat ng Apocalipsis, ay tutuksuhin kayo sa mga ideyang parang ganito: “Hindi sapat ang lakas mo para baguhin ang iyong buhay; hindi mo kayang gawin ito; hindi ka kabilang sa mga taong ito; hinding-hindi ka nila tatanggapin; napakahina mo.”

Kung parang totoo ang mga ideyang ito sa inyo na katatahak pa lamang sa landas ng tipan, sumasamo kami sa inyo na huwag pakinggan ang tinig ng tagapag-paratang. Mahal namin kayo; kaya ninyong gawin ito; tanggap namin kayo; at, sa tulong ng Tagapagligtas, magkakaroon kayo ng lakas na gawin ang lahat. Sa sandaling kailangan ninyo ang aming pagmamahal at suportang huwag palinlang na isipin na hindi namin kayo tatanggapin kung babalikan ninyo ang

made whole again. But if you hide from Him and distance yourself from your newfound faith community, you distance yourself from the very source that can and will give you the strength to overcome.

A dear friend of mine, a recent convert, shared how difficult it is to sustain faith in isolation. There is great strength in becoming and remaining part of a supportive community—all stumbling yet progressing while blessed by the love of Jesus Christ.

President Russell M. Nelson has taught that “overcoming the world is not an event that happens in a day or two. It happens over a lifetime as we repeatedly embrace the doctrine of Christ. We cultivate faith in Jesus Christ by repenting daily and keeping covenants that endow us with power. We stay on the covenant path and are blessed with spiritual strength, personal revelation, increasing faith, and the ministering of angels.”

If you incur a physical injury, your condition will deteriorate and may become life-threatening if you don’t seek proper medical attention. That is true for spiritual wounds as well. Only, untreated spiritual wounds may threaten your eternal salvation. Don’t hide from those who will love and support you; rather, run to them. Good bishops, branch presidents, and leaders can help you access the healing power of the Atonement of Jesus Christ.

To those who may be in hiding, we implore you to come back. You need what the gospel and the Atonement of Jesus Christ offer, and we need what you offer. God knows your sins; you cannot hide from Him. Reconcile yourself before Him.

As His Saints, each of us must foster a culture of belonging in the Church that is loving, accepting, and encouraging of all who desire to progress along His path.

Beware this second temptation! Follow the

dati ninyong pamumuhay. Sa pamamagitan ng walang-kapantay na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, maaari kayong gumaling. Pero kung pagtataguan ninyo Siya at lalayo kayo sa inyong bagong-tuklas na relihiyon, inilalayo ninyo ang inyong sarili sa mismong pinagmumulan ng inyong lakas para malampasan ito.

Ibinahagi ng isang mahal kong kaibigan, na bagong binyag, kung gaano kahirap manatili na nananampalatayang mag-isa. May matinding lakas sa pagiging bahagi at pananatiling bahagi ng isang komunidad na sumusuporta—na lahat ay nagkakamali pero umuunlad habang pinagpapala ng pagmamahal ng Tagapagligtas na si Jesucristo.

Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson na “ang pagdaig sa mundo ay hindi isang kaganapang nangyayari sa isa o dalawang araw. Nangyayari iyon sa buong buhay habang paulit-ulit nating niyayakap ang doktrina ni Cristo. Nililintang natin ang pananampalataya kay Jesucristo sa pamamagitan ng pagsisisi araw-araw at pagtupad ng mga tipan na nagkakaloob sa atin ng kapangyarihan. Nananatili tayo sa landas ng tipan at napagpapala ng espirituwal na lakas, personal na paghahayag, pag-iibayo ng pananampalataya, at paglilingkod ng mga anghel.”

Kung mapipinsala kayo sa pisikal, lalala ang inyong kundisyon at maaari kayong mamatay kung hindi kayo magpapatingin sa doktor. Toto rin iyan sa mga espirituwal na sugat. Mga espirituwal na sugat lamang na hindi nagagamot ang maaaring maging banta sa inyong walang-hanggang kaligtasan. Huwag pagtaguan ang mga nagmamahal at sumusuporta sa inyo; bagkus, lumapit sa kanila. Matutulungan kayo ng mga butihing bishop, branch president, at lider na magamit ang nagpapagaling na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Sa mga nagtatago, isinasamo namin na bumalik kayo. Kailangan ninyo ang inaalok ng ebanghelyo at ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo, at kailangan namin ang inaalok ninyo. Alam ng Diyos ang inyong mga kasalanan; hindi ninyo Siya mapagtataguan. Makipagkasundo sa Kanyang harapan.

Bilang Kanyang mga Banal, bawat isa sa atin ay kailangang pagyamanin ang isang kultura ng pagiging kabilang sa Simbahang mapagmahal, tumatanggap, at naghihikayat sa lahat ng nagnanais na umunlad sa Kanyang landas.

Mag-ingat sa pangalawang tuksong ito!

counsel of prophets both ancient and modern and know that you cannot hide from a loving Father.

Instead, avail yourself of the miraculous healing power of the Atonement of Jesus Christ. This is the very purpose of our existence—to obtain a weakened and mortal body that is “subject to all manner of infirmities” and that will succumb to, sadly, many first temptations; to progress even when we fall to these temptations; and to seek divine help after doing so, that we might become more like our Savior and our Father in Heaven. It is His way. It is the only way. Of these truths I testify in the name of Jesus Christ, amen.

Sundin ang payo ng mga propeta kapwa noong unang panahon at ngayon at dapat ninyong malaman na hindi ninyo mapagtataguan ang isang mapagmahal na Ama.

Sa halip, makinabang sa mahimala at nagpapagaling na kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Ito mismo ang layunin ng ating pag-iral—magkaroon ng mahina at mortal na katawan na “saklaw ng lahat ng uri ng mga sakit” at, ang malungkot, matatangay sa maraming unang tukso; umunlad kahit natukso tayo sa mga ito; at hingin ang tulong ng langit matapos gawin iyon, upang tayo ay maging higit na katulad ng ating Tagapagligtas at ng ating Ama sa Langit. Ito ang Kanyang paraan. Ito ang tanging paraan. Pinatotohanan ko ang mga katotohanang ito sa pangalan ni Jesucristo, amen.